


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 3:

Ang Tamang Pagpili ng Track o
Kurso: Makatulong sa Pag-unlad
ng Ekonomiya



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Ang Tamang Pagpili ng Track o Kurso:
Makatulongsa Pag-unlad ng Ekonomiya
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Manunulat:	Rebecca D. Recentes
Editors:	Vicente Jose V. Suarez, II Evelin E. Luzarita
Tagasuri:	Jephone P. Yorong
Tagaguhit:	Edgardo P. Jamilar, Jr.
Tagalapat:	Peter A. Alavanza, Blessy T. Soroyoroy
Tagapamahala:	Dr. Isabelita M. Borres Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Felix Romy A. Triambulo Ella Grace M. Tagupa

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX
Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan –Modyul 3:

Ang Tamang Pagpili ng Track o Kurso:
Makatulong sa Pag-unlad ng Ekonomiya

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.


Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa nakaraang modyul ay napagnilayan mo ang mga hakbang upang maisakatuparan at mapaunlad ang iyong mga talento at kakayahan ayon sa iyong hilig, mithiin, at sa mga lokal at global na demand. Napag-alaman mo rin ang tungkol sa mga hakbang sa pagpili ng track o kurso upang makamit ang tunay na layunin sa buhay. Sa modyul namang ito, inaasahang maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

13.3 Napapatunayan na ang pagiging tugma ng mga personal na salik sa mga pangangailangan (requirements) sa napiling kursong akademiko, teknikal-bokasyonal, sining at isports o negosyo ay daan upang magkaroon ng makabuluhang hanapbuhay o negosyo at matiyak ang pagiging produktibo at pakikibahagi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa. (EsP9PK-IVb-13.3)



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Piliin ang titik ng wastong kasagutan at isulat ito sa iyong kwaderno.

- 1.) Ano ang dalawang kakayahang taglay ng bawat tao na magagamit niya sa pagpapasya at malayang pagsasakilos ng kanyang pinili at ginusto nang may pananagutan dito?
 - a. Kagalingan mangatwiran at matalas na kaisipan
 - b. Kahusayan sa pagsusuri at matalinong pag-iisip
 - c. Kalinawan ng isip at masayang kalooban
 - d. Kakayahang mag-isip at malayang kilos-loob

- 2.) Ano ang inaasahan sa atin bilang tao sa lipunan na nilikha upang makipagkapwa at makibahagi sa buhay-sa-mundo (lifeworld) na ang layunin ay makipag-ugnayan sa isa't isa at makipagtulungan?
 - a. makiangkop
 - c. makipagkasundo
 - b. makialam
 - d. makisimpatya

- 3.) Ayon sa RIASEC ni Holland, ang pagiging Journalist ay napapabilang sa hanay ng _____.
- | | |
|--------------|-----------------|
| a. Realistic | c. conventional |
| b. Social | d. Artistic |
4. Alin ang pinakaunang hakbang sa pagpapasya bago pumili ng kurso?
- Magkalap ng kaalaman
 - Magnilay sa mismong aksiyon
 - Maglaan ng oras sa pag-iisip
 - Tayahin ang damdamin sa pipiliing pasya
5. Aling pansariling interes ang tumutukoy sa isang pambihira at likas na kakayahang kailangang tuklasin upang pagbatayan sa pagpili ng track o kurso?
- | | |
|------------|---------------------|
| a. Mithiin | c. Kasanayan/skills |
| b. Talento | d. Hilig |
6. Anong kakayahan ng iyong isip na makatutulong sa anumang bagay na iyong nanaisin?
- kakayahang alamin at tuklasin ang anumang bagay na naisin
 - kakayahang makialam sa paligid kung anuman ang gusto
 - kakayahang maglingkod sa kahit anumang bagay na naisin
 - kakayahang magsalita at gumawa kung anuman ang nanaisin
- 7.) Hindi lingid sa kaalaman ni Elmo ang mga naging puhunan ng kaniyang mga magulang sa negosyong ipinundar simula noong bata pa siya hanggang sa kasalukuyan kung kaya sila ngayon ay maginhawa at nakapagtapos lahat ng pag-aaral sa kolehiyo. Siya ang saksi sa kasipagan at pagiging bukas-palad ng kaniyang mga magulang. Anong pansariling salik ang naging gabay ni Elmo sa pagpili ng kurso?
- hilig
 - katayuang pinansyal
 - pagpapahalaga
 - kakayahan

8. Batay sa bilang 7, ano ang naging puhunan ng kanyang mga magulang bago nagtagumpay sa buhay?
 - a. ang pagiging makasarili upang magtagumpay sa buhay
 - b. ang pagiging masunurin sa lahat ng pagkakataon
 - c. ang kasipagan at pagiging bukas-palad ng kanyang mga magulang
 - d. ang pagiging matalino sa pagpapasiya para umasenso sa buhay na ginusto.

9. Kailangan pa rin ba nating lumapit sa mga taong ating pinagkakatiwalaan at makapagbibigay ng payo sa ating pagpapasiya? Bakit?
 - a. Oo, para di tayo magsisi sa ating pagpapasiya
 - b. Hindi, para di tayo malilito sa anumang gusto natin sa buhay
 - c. Hindi, para lahat ng iyong tagumpay ay sulit at wala kang pasasalamatan
 - d. Oo, para matulungan tayong magtimbang, magsuri, at gagabayan tayo sa ating ginawang pagpapasiya.

10. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng ating bansa?
 - a. Sa pamamagitan ng pagsunod kung ano ang utos ng mga nakatatanda.
 - b. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mabuti para sa magandang kinabukasan.
 - c. Sa pamamagitan ng pagyayabang kung ano ang naging bunga ng iyong pinaghihirapan .
 - d. Sa pamamagitan ng pagpapanatili kung ano ang nasa iyong isipan upang umasenso sa buhay.

Aralin**3****Ang Tamang Pagpili ng Track o
Kurso: Makatulong sa Pag-unlad
ng Ekonomiya**

“Handa ka na ba?” ang malimit na tanong ng taong hinihintay ang iyong paghahanda sa isang gawain. Madalas ito rin ang linya ng iyong guro bago ang pagsusulit o di kaya naman, ito ay nasasambit ng isang Game Master sa kanyang contest bago magsimula ang kompetisyon o laro. Kawili-wiling tanong ngunit nakakagulat kung paano ito sasagutin nang mabilisan. Ikaw, handa ka na rin bang pumili ng nais mong kurso sa pagtuntong mo sa Senior High School (Baitang 11 at 12)? Ito na ang huling markahan bago magtapos ang iyong taon sa Baitang 9, ngunit bago ito mangyari, kailangan mo munang magpasya at pumili para sa iyong sarili kung ano ang nais mong kuning kurso. Nais mo bang masagot ang mga tanong na iyan nang sigurado ka at nang walang alinlangan? May mga dapat bang pagbatayan sa mga pagpili mong ito, o sapat na bang makinig na lamang at umasa sa mga taong nakapaligid sa iyo? Ang mga tanong na iyan ay malinaw na sasagutin at ipaliliwanag sa iyo ng modyul na ito kasama na ang susunod na tatlo pang bahagi ng markahang ito. Ang mga kaalaman na makukuha mo rito ang magsisilbing unang hakbang patungo sa direksyong minimithi mo at ang pangarap ng mga taong sa iyo ay nagtitiwala.

Inaasahang masasagot mo ang pinakamahalagang tanong pagkatapos ng modyul na ito: Bakit mahalagang tugma ang mga pansariling salik sa mga pangangailangan (requirements) sa napiling kursong Akademiko, Teknikal-Bokasyonal, Sining at Isports, Negosyo o Hanapbuhay daan upang magkaroon ng makabuluhang hanapbuhay o negosyo at matiyak ang pagiging produktibo at pakikibahagi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa?



Balikan

Muling alalahanin ang iyong naging pagsusuri sa nakaraang modyul lalo na ang mga hakbang na iyong inilista at ipinangakong susundin upang isasakatuparan at mapaunlad ang mga talento at kakayaha. Buong-husay na sagutin ang mga sumusunod sa iyong kwaderno.

- 1.) Ano-anong mga mahalagang hakbang na iyong gagawin upang mapaunlad ang iyong talento at kakayahan ayon sa iyong hilig at mithiin? Ipaliwanag ang bawat isa.

- 2.) Ano ang bagong nalaman mo sa iyong sarili? Ano pa ang maaari mong gawin upang mabigyan ng linaw ang iyong kaisipan sa pagpili ng tamang Kursong Akademiko o Teknikal-Bokasyonal, Sining at Isports, Negosyo o Hanapbuhay?



Mga Tala para sa Guro

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Inaasahan kong natulungan ka ng mga naunang modyul na ginawa ko para sa iyo. Muli, naghanda na naman ako ng modyul na tutulong sa iyo upang tuklasin ang iyong mga pansariling salik sa pagpili ng tamang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, sining at isports, negosyo o hanapbuhay.



Tuklasin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sanaysaysay.

Ngayong nasa Baitang 9 ka na, may kakayahan ka nang mag-isip at may malayang kilos-loob na gabay mo sa paggawa ng mabuti. Ang iyong isip ay may kakayahang alamin at tuklasin ang anumang bagay na naisin. Dahil dito, sa pagkakataon na ikaw ay magpapasiya at may panahong nalilito sa pagpili ng anumang bagay o solusyon, nararapat na iwasan ang mabilisan at di pinag-isipang kilos.

Mahalagang maglaan ng oras sa pag-iisip bago mamili, dahil ito ang tutulong sa iyo na makita ang kabuuan at ang iba't ibang anggulo ng sitwasyon. Mas maraming kaalaman sa mga bagay at sitwasyon, mas malinaw itong makikita. Mas malaki ang panahon at oras sa pag-iisip ng solusyon, mas malaki rin ang pagkakataon na maging tugma at angkop ito sa mga bagay na pinili o ninanais. Malaya kang lumapit sa mga taong pinagkakatiwalaan at makapagbibigay sa iyo ng mabuting payo. Hindi ito maiaalis sa iyo dahil sila ang mga taong matatakbuhan natin sa oras na kailangan natin ng tulong. Sila ang may malaking impluwensiya sa ating pagkatao. Bagaman ikaw ay may malayang isip at kilos-loob, hindi pa rin ito sa lahat ng oras ay maaaring pagbatayan. Kailangan natin ang mga taong nakapaligid sa atin upang matulungan tayong magtimbang, magsuri ng mga bagay-bagay, at maggabay tungo sa tamang pagpapasiya.


Gamit ang kilos-loob, nakapipili tayo sa mga pagpipilian – mabuti man ito o masama. Kaya nga, ang kalayaan ay hindi lamang para gawin ang sariling gusto dahil nagiging daan ito upang ikaw ay magkamali sa pasiya o pagpili. Maipapayo na suriing mabuti ang mga plano sa buhay upang maging batayan sa maayos na tatahaking karera. Ang isang kabataan na nais ng kalayaan at nais na maging malaya ay kailangan na maikintal sa isip ang kanyang kapangyarihan na gamitin sa tama at mabuti ang kanyang pagpili. Ang **isip** ay siyang may kakayahang maghusga, mangatwiran, magsuri, mag-alala at umunawa ng kahulugan ng mga bagay. Kung kaya maglaan ng sapat na panahon o oras bago ito gawin upang magiging handa sa anumang resulta ng iyong pasiya. ang **kilos-loob** naman, dahil sa kamalayan at kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga bagay na umiiral ay nabibigyang kahulugan ng isip ang isang sitwasyon.

Kaugnay nito, ang pagiging inbidwal ng tao na nilikha upang makipagkapuwa at makibahagi sa buhay-sa-mundo (life world), at itong buhay sa mundo ay nabubuo naman sa pagkomunikasyon ng kaniyang mga kasapi. Nahuhubog lamang ng tao ang kanyang pagkakakilanlan sa pakikibahagi sa kaniyang pakikipag-ugnayan sa kapuwa. Ito ay pananaw na etikal sapagkat may kinalaman ito sa magandang buhay para sa akin, para sa atin at sa ating lipunan

(Good life for me for us in community) at moral dahil ibinibigay nito kung ano ang mabuti para sa lahat (what is just for all). Nakita mo na, napakahalaga ng iyong bahagi sa iyong sarili, kapuwa, at sa lipunan. Ikaw ang bumubuo sa pangkalahatan.

Ang isang kabataan na nais ng kalayaan ay kailangan na maikintal sa isip ang kaniyang kapangyarihan na gamitin sa tama at mabuti ang kanyang pagpili.

Sa yugtong kinalalagyan mo ngayon, mainam na matutuhan mo na ang buhay ay binubuo ng maraming pagpipilian. Lahat ng mga bagay sa mundo ay dapat na pag-isipang mabuti. Kahit ang taong ayaw pumili o magpasiya, makialam sa isang bagay o sitwasyon ay pumili pa rin sa isang aksyon o kilos: ang hindi pagpili o hindi pakikialam. Dahil ang tao ay Malaya at may kakayahang pumili, siya ay inaasahang maging mapanagutan sa piniling pasiya at maging masaya para dito.



Suriin

Sandali lamang! Manahimik sandali at maglaan ng panahon upang alalahanin iyong mga naging pagsusuri sa nakaraang dalawang modyul at sagutin ng buong katapatan ang mga sumusunod: Isulat sa kwaderno ang iyong sagot.

1. Kung balikan mo ang Baitang 7, Pareho pa rin ba kaya ang track o kursong pinipili mo noon sa ngayon? Kung iyon pa rin, ano ang naging batayan mo sa pagpili?

2. Kung nagbago naman ito, ano ang mga dahilan ng pagbabago ng iyong isip?

Ngayon naman, isa-isahin natin ang mga gawain o kasalukuyang sitwasyon mo sa buhay na kung saan ay nagamit mo ang iyong KAKAYAHANG MAG-ISIP (Intellect) at MALAYANG KILOS-LOOB (Freewill). Pagtuunan natin ng pansin ang mga naisip mong mga bagay na may kaugnayan sa pipiliin o kukunin mong kurso.

Isulat mo kung ano yong gusto mo sa buhay na makatutulong sa kung ano ang kukunin mong kurso pagdating ng Baitang-11. Pagkatapos sa Malayang Kilos-Loob ano ang mga Hakbang na iyong gagawin para matupad ang iyong minimithi sa buhay. Tingnan ang pormat sa ibaba at subuking magnilay dito. Ilagay ang mga lista sa iyong kuwaderno.

Kakayahang Mag-isip (Intellect)	Malayang Kilos-Loob (Freewill)
Hal. 1. Magdesisyon para sa aking nais na kurso - Accountancy	Hal. 1. Maghanap ng mga unibersidad na may mababang tuition fee ngunit dekalidad ang edukasyon
2. Maunawaan na hindi lamang mataas na suweldo ang batayan ng kukuning kurso kundi kung ano ang gusto at interes ko	2. Makipag-usap sa magulang at iparating sa kanila ang iyong mga plano para sa kukuning kurso

Ikaw naman.


Kakayahang Mag-isip (Intellect)	Malayang Kilos-Loob (Freewill)
1.	1.
2.	2.
3.	3.

Pagkatapos masagutan ang talahanayan sa itaas, ngayon ay iyo naman itong suriin sa tulong ng mga sumusunod na katanungan. Isulat sa kwaderno ang iyong sagot.

1. Ano ang iyong naramdaman mula sa mga nabanggit mong pahayag sa itaas?

2. Paano dapat pahalagahan ng isang mag-aaral na katulad mo ang paggamit ng kakayahang mag-isip at malayang kilos-loob?

3. Sa pagpili ng angkop at tamang kursong nais mong kunin, anong paghahanda ang iyong mga ginagawa sa pagtupad o pagkamit mo ng mga mithiin sa buhay?



Pagyamanin

Upang higit pang malinang ang iyong kaalaman sa paksang pinag-aaralan, buong husay at katapatang sagutin ang mga gawaing nakapaloob sa bahaging ito. Isulat sa kwaderno ang iyong sagot.

1.) May pagbabago ba sa iyong pasiya matapos malaman ang gamit ng kilos-loob? Ipaliwanag.

2.) Kung may nagbago naman sa iyong pasiya, ano ang mga dahilan ng pagbabago nito?

3.) Ano ang bagong natuklasan mo sa iyong sarili? Ano pa ang maaari mong gawin upang mabigyan ng linaw ang iyong kaisipan?

4.) Sa tulong ng iyong mga pagsusuri, angkop ba ang mga personal mong salik sa mga pangangailangan (requirements) sa iyong napiling kurso? Ipaliwanag?

5.) Isinaalang-alang mo ba ang pagkakaroon ng makabuluhang hanapbuhay o negosyo at matiyak ang pagiging produktibo at pakikibahagi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa ang pagpili ng kurso o track? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.



Isaisip


Isulat sa iyong kuwaderno ang iyong mga panloob na salik.

Panuto: Sundin ang sumusunod:

1. Sa bahaging ito ay tingnan natin sa mas malawak na pang-unawa ang panloob na salik na maaaring nakaaapekto sa iyong pagpapasya.
2. Sa ikalawang kolum, isulat ang salitang “opo” kung ang salik ay nakaaapekto sa iyong pagpapasiya at “hindi po” kung ito ay hindi nakaaapekto.
3. Sa ikatlo at ikaapat na kolum ay ilagay ang mabuti o di mabuting bunga kung pagbabatayan ang salik na ito sa iyong pagpapasiya.
4. Pagkatapos, isulat sa huling kolum ang maaaring kalabasan ng pasiya kung pagbabatayan mo ang salik sa iyong pagpapasiya. (Sumanggunian Sa Modyul ng Mag-aaral ng ESP-9 pahina-216)

Halimbawa:

Mga Panloob na Salik	Opo o Hindi po	Bunga		Epekto sa kabuuan
		Mabuti	Hindi Mabuti	
Talento	opo	Mas lalo kong mapaunlad ang aking talento dahil ang track o kurso ay konektado rito	Wala akong nakikitang di mabuting bunga ng pagpili ng track o kurso na konektado sa aking talento	Ako ay magiging masaya sa pipiliing track o kurso
Ikaw naman				
Talento				
Hilig				
Kasanayan				
Pagpapahalaga				
Mithiin				



Isagawa

Balikan ang iyong mga naging pagsusuri sa bahagi ng *Isagawa* sa dalawang nakaraang modyul. Sagutin ang mga katanungan sa ibaba upang higit kang matulungan sa pagbuo ng paglalahat kung anong kurso ang nararapat sa iyo ayon sa mga pansariling salik at pangangailangan ng bawat kurso. Isulat sa iyong kuwaderno ang iyong sagot.

1.) Ano-ano sa mga salik ang sa tingin mo ay makaaapekto sa iyong pagpapasiya sa pagpili ng kurso o track? Ipaliwanag.

2.) May pagbabago ba sa iyong pasiya matapos malaman ang mga personal na salik na nakaapekto sa iyo? Ipaliwanag.

3.) Angkop ba ang iyong mga personal na salik sa mga pangangailangan (requirements) sa napiling kurso? Pangatwiran.



Tayahin


Halina't ating sukatin ang iyong natutunang kaalaman sa aralin. Buong-husay mong sagutin ang mga sumusunod na aytem para sa pagtataya.

Panuto: Basahin ang bawat aytem at piliin ang angkop na sagot sa mga tanong/pahayag . Isulat lamang ang titik sa sagutang papel sa napili mong sagot.

1. Aling pansariling interes ang tumutukoy sa pambihira at likas na kakayahang kailangang tuklasin upang pagbatayan sa pagpili ng track o kurso?
 - a. Mithiin
 - b. Talento
 - c. Kasanayan/skills
 - d. Hilig
2. Alin ang pinakaunang hakbang sa pagpapasya bago pumili ng kurso?
 - a. Maglaan ng oras sa pag-iisip
 - b. Magkalap ng kaalaman
 - c. Magnilay sa mismong aksiyon
 - d. Tayahin ang damdamin sa pipiliing pasya
3. Ano ang dalawang kakayahang taglay ng bawat tao na magagamit niya sa pagpapasya at malayang pagsasakilos ng kanyang pinili at ginusto nang may pananagutan dito?
 - a. Kakayahang mag-isip at malayang kilos-loob
 - b. Kagalingan mangatwiran at matalas na kaisipan
 - c. Kahusayan sa pagsusuri at matalinong pag-iisip
 - d. Kalinawan ng isip at masayang kalooban

4. Ano ang inaasahan sa atin bilang tao sa lipunan na nilikha upang makipagkapwa at makibahagi sa buhay-sa-mundo (lifeworld) na ang layunin ay makipag-ugnayan sa isa't isa at makipagtulungan?
- makialam
 - makipagkasundo
 - makiangkop
 - makisimpatya
5. Hindi lingid sa kaalaman ni Elmo ang mga naging puhunan ng kaniyang mga magulang sa negosyong ipinundar simula noong bata pa siya hanggang sa kasalukuyan kung kaya sila ngayon ay maginhawa at nakapagtapos lahang pag-aaral sa kolehiyo. Siya ang saksi sa kasipagan at pagiging bukas-palad ng kaniyang mga magulang. Anong pansariling salik ang naging gabay ni Elmo sa pagpili ng kurso?
- hilig
 - kakayahan
 - pagpapahalaga
 - katayuang pinansyal
6. Batay sa blg. 5 ano ang naging puhunan ng mga magulang ni Elmo bago nagtagumpay sa buhay?
- ng pagiging makasarili upang magtagumpay sa buhay
 - ang kasipagan at pagiging bukas-palad ng kanyang mga magulang
 - ang pagiging masunurin sa lahat ng pagkakataon
 - ang pagiging matalino sa pagpapasiya para umasenso sa buhay na ginusto.
7. Kailangan pa rin ba nating lumapit sa mga taong ating pinagkakatiwalaan na makapagbibigay ng payo sa ating pagpapasiya? Bakit?
- Oo, para matulungan tayong magtimbang, magsuri, at gagabayan tayo sa ating gagawing pagpapasiya.
 - Hindi, para lahat ng iyong tagumpay ay sulit at wala kang pasasalamatan
 - Hindi, para di tayo malilito sa anumang gusto natin sa buhay
 - Oo, para di tayo magsisi sa ating pagpapasiya
8. Ayon sa RIASEC ni Holland, ang pagiging Journalist ay napapabilang sa hanay ng _____.
- | | |
|--------------|-----------------|
| a. Realistic | c. Artistic |
| b. Social | d. conventional |

9. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng ating Bansa?
- sa pamamagitan ng pagsunod kung ano ang utos ng mga nakatatanda
 - sa pamamagitan ng pag-aaral ng mabuti para sa magandang kinabukasan
 - sa pamamagitan ng pagyayabang kung ano ang nagging bunga ng iyong pinaghihirapan
 - sa pamamagitan ng pagpapanatili kung ano ang nasa iyong isipan upang aasenso sa buhay
10. Anong kakayahan ng iyong isip na makatutulong sa anumang bagay na iyong nanaisin?
- kakayahang makialam sa paligid kung anuman ang gusto
 - kakayahang alamin at tuklasin ang anumang bagay na naisin
 - kakayahang maglingkod sa kahit anumang bagay na naisin
 - kakayahang magsalita at gumawa kung anuman ang nanaisin



Karagdagan Gawain

Panuto: Kumpletuhin ang teksto sa ibaba upang mabuo ang kaisipan nito. Pagkatapos na mabuo na ang nilalaman, palagi itong tandaan, isaisip at isapuso. Isulat sa iyong kuwaderno ang iyong sagot.

Matapos kong suriin ang aking mga panloob na salik at pangangailangan sa bawat kurso, natamo ko sa aking isipan na


_____.

Naramdaman ko rin sa aking puso ang

_____.

Dahil dito, may napili na akong kurso. Kaya't mula ngayon _____

_____.



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <p>1. D 2. A 3. C 4. A 5. B 6. A 7. B 8. C 9. D 10. B</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. B 2. B 3. A 4. C 5. D 6. B 7. A 8. D 9. B 10. B</p>
---	---

Sanggunian

Gayola, Sheryl T., et al. 2015. *Edukasyon sa Pagpapakatao 9: Modyul Para sa Mag-aaral*. 5th Floor Mabini Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600: FEP Printing Corporation.

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph